May Alaga Akong Bakulaw

Becky Bravo

2018 PBBY-Salanga Grand Prize

"Nanay, puwede po bang humingi ng tinapay?" tanong sa akin ni Lilit isang araw habang naghahanda ako ng meriends sa kusina.

"Aba, siyempre. Ano ang gusto mong palaman? Keso?" ang sabi ko. Tumango ang aking bunso kaya ipinaghanda ko siya ng pandesal na may isang hiwa ng keso. Pinuno niya ng gatas ang isang baso. Pagkatapos ay dinampot niya ang tinapay na nasa plato, at tangan ang gatas sa kabilang kamay, nagtungo siya sa pintong palabas sa bakuran.

"O, saan mo dadalhin iyan? Dito mo na kainin," ang tawag ko bago niya mabuksan ang pintuan.

"Po? E, hindi po ito para sa akin," sagot niya nang may ngiti.

"Ha? Para kanino naman?"

"Para po sa alaga kong bakulaw!"

Bakulaw naman ngayon? Talaga naman itong si bunso! Linggo-linggo, may mahiwagang nilalang na natatagpuan sa bakuran. Kabilang rito ang maliit na diwatang nakatira sa puno ng saging, may kunehong kulay rosas, may lumilipad na kabayo. Sanay na ako sa mapaglakbay na imahinasyon ni Lilit, kaya't nakasanayan ko na rin itong pagbigyan. Nang magbalik siya mula sa pagbisita sa pinakabago niyang kaibigan, sinamantala ko ang pagkakataon at siya ay tinanong, "At ano naman ang hitsura ng alaga mong bakulaw?"

Kinagat ni Lilit ang isa niyang daliri at nag-isip. “Aaa…mahaba po at makapal ang buhok na tumutubo sa ulo niya’t mukha. Ang balat niya ay kulay abo, dilaw ang kanyang ngipin, at maiitim ang ilalim ng mata. Malalim po ang boses niya at mabagal siyang magsalita.” Dito ay napangiwi siya at ibinulong, “Mabait naman siya, pero mabaho ang hininga.”

“May pangalan ba itong bakulaw mo?” ang tanong ko. Lahat kasi ng kanyang mga kaibigan sa bakuran, binibigyan niya ng kakaibang pangalan. ‘Mahalinaya’ ang binyag niya sa munting diwata. ‘Florfina’ ang kuneho na kulay rosas. At ‘Rostar’ naman ang lumilipad na kabayo. At ano naman kaya ang binyag niya sa bakulaw?

“Robert daw po ang pangalan niya,” sagot ng bata.

Si Robert. Isang linggo ring mahigit na pinaghanda ko ng merienda ang kathang-isip na si Robert. Tsamporado. Tinapay na may palaman. Bagong lutong puto. Sumang Antipolo. Ginataan. Pancit bihon. Minatamis na saba. Tuwing babalik sa akin ang plato ay lagi namang ubos ang laman. Saka naman uupo si bunso sa mesa para siya naman ang magmerienda, at patago akong mapapangiti sa gana niyang kumain. At tatango-tango kong pakikinggan ang huling balita ukol sa bakulaw habang kami’y magkaharap sa hapag-kainan.

Kawawang Robert, malungkot daw siya. Lagi raw nahuhuli ni Lilit na tulala, at minsan ay naririnig niyang tahimik na lumuluha.

“Ano ang ginagawa mo para pasiyahin siya?” usisa ko sa kanya.

“Kinakantahan ko po siya. O kinukuwentuhan ng masaya. Nagdadala ako ng paborito kong libro tapos sabay naming binabasa.”

“E, bakit naman daw siya nalulungkot?” tanong ko muli.

“Kasi daw po, wala na si Celina,” sagot ni bunso.

“Sino naman iyon?”

“Asawa niya!”

Aba! At pati pala bakulaw, nag-aasawa!

Isang araw, biglang nag-iba ang ihip ng hangin. Ilang minuto pa lang ang lumipas nang magtungo Lilit sa bakuran, dala ang tinapay na may palaman, pero maya-maya ay bumalik siya nang nakasimangot, at ibinagsak pa ang pintuan.

“O, ano’ng nangyari?”

Malakas na kumalatog ang platitong walang laman nang ilapag ito ni Lilit sa mesa.

“Nainis po ako kay Robert. Ang tigas kasi ng ulo niya,” ang sagot ng bata.

“At bakit ka naman nainis?”

“Ang bigat kasi niyang kasama. Nakakatakot na nga ang hitsura siya, lagi pang walang kasigla-sigla. Ang sabi ko, puwede naman niya subukang maging masaya, e, pero ayaw niya yata.”

“Sinabi mong lahat ‘yon sa bakulaw?” bulalas ko kunwari.

“Opo! Ang sabi ko pagod na ako sa paglilibang sa kanya. Tapos iniwan ko na siya,” sagot niya.

Ito na kaya ang katapusan ng bakulaw na si Robert? Ano kayang nilalang ang susulpot sa mundo ni bunso at papalit sa kanya? Duwende? Bruha? Bulaklaking pusa?

Dumaan ang isang linggo nang walang balita. Mas nakapagtataka, wala ring binabanggit si Lilit na bagong kaibigang nakilala sa bakuran naming mahiwaga.

Linggo ng umaga. Abala ako sa pagluluto nang marinig kong tumunog ang timbre sa labas. Pinatay ko muna ang kalan upang pagbuksan ang bisita.

“Sino po sila?” tawag ko kasabay ng pagbukas ng pinto. Nakatayo roon ang isang lalaki. Matangkad, maganda ang pangangatawan, maikli ang gupit, malinis ang ahit. Guwapo siya sana, kung hindi lang sa medyo namumugtong mga mata. Hawak niya sa isang kamay ang isang kahon na may nakataling pulang laso.

Ngumiti siya nang bahagya. May halong pag-aalangan at hiya.

“Maganda pong umaga,” ang sabi niya. “Nandiyan po ba si Lilit?”

Pansamantala akong natigilan. At saan naman kaya niya nakilala ang anak kong kung lumabas man ng bahay ay hanggang bakuran lang ang punta?

“Ako po si Robert Medina. Sa kalapit-bahay po ako nakatira, pero ngayon lang magpapakilala.”

“Robert?” ulit ko. “Robert. Iisa lang ang kilala ni bunso na Robert, pero…”

Napatawa ang bisita. “Bakulaw po ba?” sabi niya.

Wala akong naisagot kundi mapanganga.

Ang bakulaw na si Robert ay tao pala. Ngunit maliban dito, pawang katotohanan ang mga ikinuwento ni bunso. Kabibiyudo lang ni Robert at sa gulat niya sa biglaang pagpanaw ng asawa, nagkulong siya sa bahay at nagpabaya. Hindi na siya naligo, hindi na nagpagupit. Hindi na nagsepilyo, hindi na nag-ahit. Kaya nang dumungaw isang araw sa mababang bakod ang isang batang maliit, nakita nito si Robert at itinanong nang nakangiti, *‘Bakulaw ka ba?’* at hindi na niya naisip na ito ay itama.

Inabangan niya ang pagbisita ni bunso tuwing merienda. Kinain ang pagkain na inalok niya. Nakinig sa masasayang kuwento na pansamantalang pinatahimik ang lumbay na nadarama.

Hanggang sa nainip si Lilit sa kaaalo sa kanya. At nagising siya sa katotohanan na panahon na upang iahon ang sarili sa kalungkutan.

May humigit sa laylayan ng aking blusa, at paglingon ko, ayun si bunso na nakatitig sa bisita. Kiniling niya ang kanyang ulo sa kanan, at pagkatapos ay sa kaliwa. Bigla niyang itinuro ang isang daliri, at nanlaki ang dalawang mata. ‘’*Di ba si Robert ka?*’

Tuwang-tuwa si Robert na agad siyang nakilala.

“Oo! Ako nga!” sagot niya. “O, hindi na ako nakakatakot tingnan, ha? Naligo na ako, at nagpagupit pa. Nagsepilyo na ako at nag-ahit. At ako naman ngayon ang may dalang pagkain para sa iyo. ‘Eto, o!” at iniabot niya ang kahon niyang dala, na agad namang binuksan ni bunso upang ang laman ay makita. Isang dosenang ensaymada!

At iyan ang kuwento ng isang kaibigang natagpuan ni bunso sa aming bakuran. Doon pa rin sila nagkukuwentuhan kung minsan. Ngunit ngayon ay hindi na ‘Robert’ ang tawag ni bunso sa kanya, kundi ‘Tito Robert’ na. ***